

Ano ang inyong gagawin sakaling hindi kayo papasok sa trabaho o mahuhuli kayo sa pagpasok?

## Mga kailangang malaman kung magta-trabaho sa Japan



Para maging kaaya-aya ang inyong pagta-trabaho sa Japan, bilang mga dayuhan ay dapat nating alamin ang mga regulasyon at kaugalian ng mga Hapon. Kaugnay nito ay hininggan namin ng panayam ang may-ari ng isang dispatch company na may empleyadong 400 Filipino –“Kung ano ang dapat gawin ng mga dayuhang manggagawa.

Ang resulta ng pag-trabaho ay mahalaga gayunpaman ang pagpahalaga sa trabaho at magandang pakikitungo sa iba pang kasamahan ay mahalaga din.”

- ◆ Maging magalang sa pananalita at sa gawa.
- ◆ Maging magandang halimbawa na maipagmamalaki bilang Filipino.
- ◆ Ugaliing maging tapat sa oras. Ang mga Hapon ay mahigpit sa pagsunod sa tamang oras. Pumasok ng 5~10 min. bago oras ng trabaho para makapagtanda at hindi nagmamadali. Kung may sapat na oras ay maiiwasan ang pagkakamali at mahaharap ng maigi ang trabaho.
- ◆ Kung kailangang mag-absent, siguraduhing ipaalam sa upisina.
- ◆ Iwasang mahuli sa pagpasok. Kung parating nahuhuli sa pagpasok maari kang patigilin sa trabaho.
- ◆ Kung may pangyayari o problema sa trabaho, ipaalam kagaad sa tagapamahala upang magkaroon ng pagtiwala sa iyo at maging maganda ang samahan ng mga kasama sa trabaho.
- ◆ Ugaliing maging malinis sa pang-sarili at kapaligiran.
- ◆ Maging magpasensya. Iwasang magalit kaagad o walang pasensya sa trabaho.
- ◆ Ugaliin ang pagbibigay bati. Sa umaga “Ohayou gozaimasu”, sa pagtapos ng trabaho “Otsukaresama desu”. Ang pagbati ay nakakagaan ng pakiramdam at ng pagiging positibo
- ◆ Pag wala ang tagapamahala, huwag makipagdaldalan o magpaliban sa oras ng trabaho.
- ◆ Mag-aral ng Nihongo para matutong magbasa at magsulat.
- ◆ Kung walang ligal na status of residence at mapagkakilanlan ay hindi maaring mag-trabaho.

Sa pagtrabaho ang mga dayuhang empleyado ay inaasahang maging kagaya ng mga Hapon sa pagsunod sa mga regulasyon at patakaran. Ang pag-aaral ng Nihongo ay makakatulong upang matutunan ang mga kaugalian at pamamaraan para maging mabuting empleyado.

### Sa Hello Work Kawagoe ay may tagasalin sa English, Portuguese, at Spanish.



1-19-8 Toyodahon, Kawagoe-shi  
Kawagoe Joint Government  
Building 1F

※ Tumawag at magpa-reserba  
Tel. 049-242-0197

◆ English (Huwebes) 10:00~15:15

◆ Portuguese, Spanish/  
Lunes, Huwebes: 10:00~15:15

Mga Pagpapayo

Maaring magkonsulta sa FICEC mula Lunes~ Biyernes, 10:00 ~ 16:00



**Pumunta ako dito sa Japan na may short-term stay visa, pero dahil sa COVID-19 ay tumagal ang aking pananatili. May dala akong iniinom na gamot para sa aking sakit at ito ay mauubos na. Walang pera ang aking pamilya para mapapunta at magpagamot ako sa ospital dito.**

Kung ikaw ay magkasakit at kailangang magpagamot, malaki ang iyong babayaran kung wala kang medical insurance. Hindi ka makakakuha ng public health insurance dahil sa short-term stay visa gayundin dahil wala kang address dito sa Japan ay hindi ka din makakapasok sa National Health Insurance. Kontakin mo ang iyong pamilya para maisagawa ang proseso at ikaw ay makauwi sa iyong bansa. Bago pumunta sa Japan o iba pang bansa mabuting kumuha ng overseas travel insurance.

**Mayroon akong temporary release visa. Buntis ako pero wala akong pera para sa panganganak.**

Para sa mga buntis na walang pangastos sa kanilang panganganak sa ospital o pagamutan ay maari silang mag-apply para sa in-hospital midwifery kung saan ang kanilang gastusin ay babayaran ng pampublikong pamahalaan dahil sa Article 22 ng Child Welfare Act. Magtungo ng personal at isumite ang aplikasyon sa upisina ng prefecture o iba pa. Ang batas na ito ay ginawa para ligtas na maipanganak ang mga sanggol na ibinubuntis. Gayunpaman dahil sa ang iyong visa ay temporary release, mangyari lamang na iproseso kaagad ang mga kailangan para sa iyong pag-uwi sa inyong bansa matapos makapanganak.

**FICEC Food bank**

Sa tulong ng Mitsubishi Foundation at Community Chest of Japan naitatag ng FICEC ang Food Bank. Mga pagkain (bigas, de-lata, snacks, at iba pa) mula sa butihing mga mamamayan at mga kumpanya ay pinamamahagi sa mga nangangailangang mga residente. Kung kayo ay pupunta sa FICEC para sa International Children's Club, Japanese Class, pagpagawa ng translation o para sa pagpapayo, bumisita lamang sa Food Bank corner. Kaugnay din sa gawaing ito ang Saitama Food Bank .

新型コロナウイルス感染下における  
外国にルーツがある人々への支援活動応援助成  
三菱財団 × 中央共同募金会



**Inayos ang silid para sa pag-aaral**



Para makaiwas sa pagkahawa sa COVID-19 inayos namin ang silid para sa pag-aaral ng mga bata at iba pang mga mag-aaral. Halina at sumama sa masayang pag-aaral!

**International Children's Club**

Tuwing Sabado, 9:00-12:00



**Mag-aral tayo at maglaro!**

Naka score ako ng 100 sa kanji test  
Masayang mag-aral

Mababait ang mga guro

Naglalaro kami ng sugoroku game matapos mag-aral

Nag-aaral akong mabuti para sa HS entrance exam

Madali akong natuto ng Nihongo

Masaya mag-aral ng English

Gusto kong tumaas ang grades ko sa final exams

Humingi ako ng payo kung anong maaring gawin sa pagtatapos sa high school

Mahirap ang klase sa pag-aaral sa high school